



London Breed  
Mayor

San Francisco Health Network Behavioral Health Services  
1380 Howard St. 5<sup>th</sup> Floor  
San Francisco, CA 94103



San Francisco Health Network  
Behavioral Health Services

## IMPORMASYON SA PANGGAGAMOT (MEDICATION TREATMENT INFORMATION)

**Maligayang bati!** Mayroon kaming isang pangkat ng mga psychiatrist, psychiatric nurse practitioner at clinical pharmacist. Nagbibigay kami ng aming mga pinakamainam na rekomendasyon upang mapabuti ang inyong kapakanan at kaligtasan.

- **Nagkakaloob kami ng psychiatric na panggagamot.**
- **Kung wala kayong isang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga, ang inyong mga psychiatric na tagapagkaloob ng serbisyo ay maaari kayong tulungang humanap ng isang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga upang tumulong sa paggamot ng mga kondisyong pangkalusugan, gaya ng kirot, mga kombulsyon at iba pang pangkalahatang problemang medikal.**
- **Hindi kami nagrereseta ng medicinal marijuana.**
- **Dahil sa mga alalahanin sa kaligtasan, sa pangkalahatan ay hindi kami nagrerekomenda ng mga sedatibo/hypnotic na gamitin nang pangmatagalan.** Ang mga halimabawa ng mga sedatibo/hypnotic ay kabilang ang Valium, Klonopin, Ativan, Xanax at Ambien. Habang nakakatulong paminsan-paminsan para sa pagkabalisa o pagtulog sa mga unang ilang linggo, ang mga gamot na ito ay maaaring nakapagpapamihasa at mapanganib kapag naisabay sa iba pang mga gamot, gayon din ang alcohol, methadone at ilang gamot na maaaring maabuso. Kung minsan ang mga paggamit na ito kasabay ng ibang gamot ay maaaring mauwi sa aksidenteng kamatayan. Ang mga sedatibo/hypnotic ay maaaring magpalala

ng depresyon, kawalan ng sigla, maging dahilan ng mga problema sa memorya o sobrang pagpapakalma, at maaaring magdulot ng mapanganib na mga pagkilos. **Kung gumagamit kayo sa kasalukuyan ng mga gamot na ito, makikipag-tulungan kami sa inyo na makahanap ng isang mas ligtas na paggamot.**

Inaasahan namin ang pakikipag-tulungan sa inyo at umaasa kami na nakakatulong sa inyo ang aming mga serbisyo.